



**Karagdagang Gabay at Mga Madalas Itanong Tungkol sa mga Personal na Pagbisita, Sama-samang Pagkain at Mga Panresidenteng Aktibidad para sa Mga Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa Nasa Hustong Gulang at Nakatatanda sa San Francisco**

**Na-update noong Setyembre 6, 2020**

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health) ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post ito sa [www.sfgdcp.org/covid19](http://www.sfgdcp.org/covid19). Maaaring magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

**AUDIENCE:** Mga administrator para sa lahat ng pasilidad na lisensiyado ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services)/Dibisyon sa Paglilisensya sa Pangangalaga ng Komunidad (Community Care Licensing Division) sa San Francisco. Kasama rito ang: Mga Residensyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang (Adult Residential Facility, ARF), Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa Nakatatanda (Residential Care Facility for the Elderly, RCFE), Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga (Residential Care Facility) – Patuloy na Pangangalaga (Continuing Care), Pasilidad sa Panlipunang Rehabilitasyon (Social Rehabilitation Facility), at Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa May Malubhang Sakit (Residential Care Facility for the Chronically III)

**Buod ng Partikular na Gabay ng Lungsod at County ng San Francisco sa 08/31/2020**

Mangyaring sundin ang [Update ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California \(California Department of Social Services, CDSS\) sa 6/26/2020](#), na may mga sumusunod na pagbubukod:

- BAGO:** Ang pagbisita sa labas, sa bintana ng pasilidad, at sa pamamagitan ng sasakyan ng mga non-essential na tao ay pinapahintulutan sa ilalim ng binagong [Health Order No. C19-09b](#) (Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-09b) (tingnan ang seksiyon na “ Allowed Visits” ( Mga Pinapahintulutang Pagbisita)) sa ilalim ng ilang parameter.
- Limitado ang mga panloob na panggrupong aktibidad sa 10 tao, kasama ang tauhan o mga lider ng grupo.
- Mayroong mga karagdagang paghihigpit sa muling pagbabalik ng sama-samang pagkain ng mga residente
- Limitado ang mga panggrupong aktibidad sa maliit at hindi pabago-bagong grupo; kailangan ng distansiya sa espasyo para sa espasyong pinagbabahaginan.
- Subaybayan ang mga tauhan at residente para sa lagnat, na ang kahulugan ay temperatura na 100.0°F (37.8°C) o mas mataas



**BACKGROUND:** Mangyaring sumangguni sa [Buod ng Abiso sa Impormasyon ng Provider \(Provider Information Notice, PIN\) 20-23-ACS](#) at [AFL 20-22.3](#) ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Estado ng California, na parehong inilabas noong Hunyo 26, 2020, para sa updated na gabay sa COVID-19. Kasama sa gabay na ito ang mahalagang tungkulin ng testing, pagbabago ng mga alituntunin sa pagbisita, pangangailangan para sa pagpigil at pagkontrol ng impeksyon, at pagsusuot ng mga pantakip sa mukha sa mga pasilidad sa pangangalaga para sa nasa hustong gulang at nakatatanda.

Ang San Francisco ay mayroong mas mahihigpit na alituntunin na nakabuod sa kahon sa itaas at mas detalyadong ipinapaliwanag sa dokumentong ito. Makikita ang karagdagang impormasyon sa pag-iwas at pamamahala sa COVID-19 sa [Mga Madalas Itanong para sa Mga Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa Nasa Hustong Gulang at Nakatatanda](#) na naka-post sa [www.sfc-dcp.org/covid19](http://www.sfc-dcp.org/covid19).

## Mga Bisita at Non-Essential na Tauhan

Napakahalaga ng pagse-shelter in place (pananatili sa tahanan) para sa mga taong nasa mataas na panganib na grupo, tulad ng mga mas nakatatanda at mga may pangmatagalang medikal na kondisyon (tingnan ang [www.sfc-dcp.org/vulnerable](http://www.sfc-dcp.org/vulnerable)). Seryosong isyu rin sa mga mas nakatatanda ang isolation (pagkabukod) at mahalaga sa kalusugan ng pangkaisipan at pisikal na kalusugan ang pamilya at makabuluhang koneksyon.

Pinahihintulutan na ngayon ang dalawang kategorya ng mga pagbisita. Sa parehong sitwasyon, dapat magpatupad ang mga pasilidad ng mga aktibidad sa pag-iwas at pagpapaliit ng panganib para mabawasan ang panganib ng transmisyong COVID-19.

- Maaaring magkaroon ng mga "kinakailangang" pagbisita kapag may pangangailangan na agaran sa kalusugan, nauugnay sa usaping legal, sensitibo sa oras, o iba pang kritikal na pangangailangan. Patuloy na pinapahintulutan ang mga ito sa ilalim ng binagong [Health Order No. C19-09b](#) (Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-09b).
- Ang mga "pinapahintulutang" pagbisita ng mga non-essential na tao ay pinapayagan na ngayon sa ilalim ng binagong [Health Order No. C19-09b](#) (Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-09b) sa ilalim ng ilang pamantayan. Maaaring pahintulutan ang mga sumusunod na uri ng pagbisita:
  - **Sa labas**, personal
  - **Pasilidad**, nasa labas ng pasilidad ang bisita at nasa kabilang panig ng bintana ang residente. Maaaring isa itong pagbisita na bukas o nakasara ang bintana.
  - **Sasakyan**, nananatili sa sasakyan ang bisita. Ang pagbisita na bukas ang bintana sa sitwasyong ito ay maaaring mangahulugan na nasa loob o labas ng pasilidad ang residente. Ang pagbisita na nakasara ang bintana ay mangangahulugang nasa loob ng pasilidad ang residente sa likod ng nakasarang bintana ng pasilidad.



<b>MGA PAUNANG KAILANGAN SA PAGBISITA SA PASILIDAD</b>	
<b>URI NG PAGBISITA</b>	<b>MGA PAUNANG KAILANGAN</b>
Mga Pagbisita sa Labas	<ol style="list-style-type: none"> <li><b>1. Bawal bumisita para sa mga residenteng may sintomas, nakabukod (nasa isolation), o positibo sa COVID at naka-quarantine</b></li> <li><b>2. Walang anumang bagong kaso ng COVID-19 sa pasilidad sa loob ng 14 na araw, sa mga residente man o tauhan, AT kasalukuyang wala sa panahon ng pagsusubaybay para sa isang aktibong paglaganap ng sakit</b></li> </ol>
Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may <b>Bukas</b> na Bintana	
Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may <b>Bukas</b> na Bintana	
Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may <b>Nakasara</b> na Bintana/ Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may <b>Nakasara</b> na Bintana ng Pasilidad	<b><i>Hindi papasok sa pasilidad ang mga bisita</i></b>

Kung sakaling magkaroon ng bagong kaso ng COVID-19 sa pasilidad, gawin ang mga sumusunod na aksyon hanggang sa matugunan ang mga paunang kailangan sa pagbisita sa pasilidad:	
<b>URI NG PAGBISITA</b>	<b>PAGKILOS</b>
Mga Pagbisita sa Labas	<p><b>Isuspinde/Ipagpaliban</b></p> <p><i>Para sa mga pasilidad na may maraming yunit/palapag, makipag-ugnayan sa DPH / Senior Sites<sup>1</sup> para matukoy kung maaaring ligtas na maggrupo ang pasilidad para pahintulutan ang pagbisita para sa mga residente sa mga yunit na walang paglaganap.</i></p>
Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may <b>Bukas</b> na Bintana	
Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may <b>Bukas</b> na Bintana	
Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may <b>Nakasara</b> na Bintana / Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may <b>Nakasara</b> na Bintana ng Pasilidad	<b>Pahintulutan hangga't hindi papasok ang mga bisita sa pasilidad</b>



**Para sa mga Pagbisita sa Labas, dapat sundin ng mga pasilidad ang mga sumusunod na pamantayan:**

URI NG PAGBISITA	MGA PAMANTAYAN
<p><b><u>Mga Pagbisita sa Labas</u></b></p> <p><b>Kahulugan:</b> Parehong nasa labas ang Bisita at Residente.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Susubaybayan ng tauhan ng pasilidad ang mga pagbisita sa lahat ng oras.</li> <li><input type="checkbox"/> Pagbisita sa mga kapaligiran sa labas lamang.             <ul style="list-style-type: none"> <li>o Kung hindi maganda ang panahon, maglalaan ng pagbisita sa bintana o gamit ang sasakyan.</li> </ul> </li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na maagang planuhin ang pagbisita; maaaring tukuyin ng pasilidad ang mga oras ng pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Dapat magsuot ng mga mask ang mga bisita. Dapat magsuot ang mga residente ng mask o ibang pantakip sa mukha (ayon sa nakakayanan).<sup>2</sup></li> <li><input type="checkbox"/> 6 na talampakan o mas malayo pang pisikal na distansiya (walang pisikal na paghawak sa pagitan ng residente at bisita gaya ng pagyakap, pakikipagkamay, atbp.). Responsibilidad ng pasilidad na subaybayan at tiyakin ang pagsunod. Kailangang maglagay ng mga palatandaan at malinaw na markahan ang mga lugar para mapigilan ang mga grupo ng mga bisita na maging masyadong malapit sa isa't isa.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi maaari ang higit sa 4 na bisita mula sa parehong sambahayan. Kung mula sa magkaibang sambahayan ang mga bisita, limitado sa 2 bisita ang grupo. Ang laki ng grupo sa pagbisita ay matutukoy batay sa espasyo ng pasilidad para magbigay-daan sa tamang distansiya at kaligtasan.</li> <li><input type="checkbox"/> Ang pagbisita ng mga bata ay nakadepende sa pagpapasiya ng pasilidad. Kung pinapahintulutang bumisita ang mga bata, ang lahat ng bata na may edad 2 at pataas ay dapat na magsuot ng pantakip sa mukha, at dapat bantayan ang mga bata sa lahat ng oras. Dapat isaalang-alang sa pag-screen ang mga karagdagang sintomas na maaaring ipinapakita ng mga bata.</li> <li><input type="checkbox"/> Suriin ang mga bisita para sa mga sintomas at nauugnay na isyu at kunin ang temperatura bago ang pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Magsagawa ng paglilinis ng kamay alinsunod sa mga panuntunan ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) (magbigay ng mga supply kung kinakailangan).</li> <li><input type="checkbox"/> Regular na linisin at i-disinfect ang mga gamit o patungan na madalas na hinahawakan.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi pinapahintulutan ang pagbabahagi ng mga bagay, kasama ang pagkain, inumin, o mga gamit sa pagkain, sa oras ng anumang pagbisita. Kung pinapahintulutan ang mga regalo, dapat aprubahan ang mga iyon ng tauhan ng pasilidad at iproseso ng tauhan ng pasilidad, para magbigay ng oportunidad para i-disinfect at linisin ito.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi dapat lumampas sa 1 oras ang mga pagbisita at maaaring mas maiksi ang mga ito kung kinakailangan para matugunan ang mga residente habang tinitiyak ang pagsunod sa mga alituntunin sa pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Kapag posible, dapat isagawa ang pagbisita nang hindi kinakailangang maglakad ng mga bisita sa loob ng pasilidad o nang dumadaan sa pinakamaikling ruta sa loob ng pasilidad.</li> </ul>



Para sa mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad, dapat sundin ng mga pasilidad ang mga sumusunod na pamantayan:

URI NG PAGBISITA	MGA PAMANTAYAN
<p><b>Lahat ng Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad:</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Susubaybayan ng tauhan ng pasilidad ang mga pagbisita sa lahat ng oras.</li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na maagang planuhin ang mga pagbisita. Maaaring tukuyin ng pasilidad ang mga oras ng pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi maaari ang higit sa 4 na bisita mula sa parehong sambahayan. Kung mula sa magkaibang sambahayan ang mga bisita, limitado sa 2 bisita ang grupo. Ang laki ng grupo sa pagbisita ay matutukoy batay sa espasyo ng pasilidad para magbigay-daan sa tamang distansiya at kaligtasan.</li> <li><input type="checkbox"/> Suriin ang mga bisita para sa mga sintomas at nauugnay na isyu at kunin ang temperatura bago ang pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na may nakahandang telepono ang pasilidad para makipag-usap sa residente sa ligtas na distansiya.</li> <li><input type="checkbox"/> Kung kailangang dalhin ang residente sa alinman sa mga nakatalagang lugar, dapat magsuot ang residente ng mask (ayon sa nakakayanan)<sup>2</sup> para sa pagpuntang iyon.</li> <li><input type="checkbox"/> Kapag posible, dapat isagawa ang pagbisita nang hindi kinakailangang maglakad ng mga bisita sa loob ng pasilidad o nang dumadaan sa pinakamaikling ruta sa loob ng pasilidad.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi pinapahintulutan ang pagbabahagi ng mga bagay, kasama ang pagkain, inumin, o mga gamit sa kusina, sa oras ng anumang pagbisita. Kung pinapahintulutan ang mga regalo, dapat aprubahan ang mga iyon ng tauhan ng pasilidad at iproseso ng tauhan ng pasilidad, para magbigay ng pagkakataon para i-disinfect at linisin ito.</li> <li><input type="checkbox"/> Palagiang linisin at i-disinfect ang mga gamit o patungan na madalas na hinahawakan.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi dapat lumampas sa 1 oras ang mga pagbisita at maaaring mas maiksi ang mga ito kung kinakailangan para mapagbigyan ang mga residente habang tinitiyak ang pagsunod sa mga alituntunin sa pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Ang pagbisita ng mga bata ay nakadepende sa pagpapasiya ng pasilidad. Kung pinapahintulutang bumisita ang mga bata, ang lahat ng bata na may edad 2 at pataas ay dapat na magsuot ng pantakip sa mukha, at dapat bantayan ang mga bata sa lahat ng oras. Dapat isaalang-alang sa pag-screen ang mga karagdagang sintomas na maaaring ipinapakita ng mga bata.</li> </ul>
<p><b>Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may Bukas na Bintana</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Dapat na manatili ang residente nang hindi bababa sa 3 talampakan mula sa bintana at dapat siyang magsuot ng mask (ayon sa nakakayanan).<sup>2</sup></li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na manatili ang bisita nang hindi bababa sa 3 talampakan ang layo mula sa bintana at dapat siyang magsuot ng mask.</li> </ul>



<p><b>Kahulugan:</b> Ipinaghiwalay ang (mga) Bisita at Residente ng isang bukas na bintana kung saan ang Residente ay nasa panig ng bintana na nasa loob ng Pasilidad at nasa kabilang panig ang (mga) Bisita sa labas.</p>	<p><input type="checkbox"/> Dapat na tiyakin ng pasilidad na ang mga bisitang makikipagkita sa magkakaibang residente ay makapagpapanatili rin ng hindi bababa sa 6 na talampakan na layo (limitahan ang pagsisiksikan) at mas malayo pa kung kinakailangan para magkarinigan ang mga tao nang hindi sumisigaw. Kailangang maglagay ng mga palatandaan at malinaw na markahan ang mga lugar para mapigilan ang mga grupo ng (mga) bisita na maging masyadong malapit sa isa't isa.</p>
<p><b>Mga Pagbisita sa Bintana ng Pasilidad nang may <u>Nakasara</u> na Bintana</b></p> <p><b>Kahulugan:</b> Ipinaghiwalay ang (mga) Bisita at Residente ng Bintana. Sa lahat ng oras, dapat na manatiling nakasara ang bintana ng pasilidad para walang pagpapalitan ng daloy ng hangin.</p>	<p><input type="checkbox"/> Kung ang mga bisita ay nasa isang lugar kung saan may mga dadaan na tao, dapat magsuot ng mga mask ang mga bisita.</p>

**Para sa mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan, dapat sundin ng mga pasilidad ang mga sumusunod na pamantayan:**

URI NG PAGBISITA	MGA PAMANTAYAN
<p><b><u>Lahat ng Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan:</u></b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Susubaybayan ng tauhan ng pasilidad ang mga pagbisita sa lahat ng oras.</li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na maagang planuhin ang mga pagbisita. Maaaring tukuyin ng pasilidad ang mga oras ng pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Suriin ang mga bisita para sa mga sintomas at nauugnay na isyu at kunin ang temperatura bago ang pagbisita.</li> <li><input type="checkbox"/> Dapat na may nakahandang telepono ang pasilidad para makipag-usap sa residente sa ligtas na distansiya.</li> <li><input type="checkbox"/> Kung kailangang dalhin ang residente sa alinman sa mga nakatalagang lugar, dapat magsuot ang residente ng mask (ayon sa nakakayanan)<sup>2</sup> para sa pagpuntang iyon.</li> <li><input type="checkbox"/> Hindi pinapahintulutan ang pagbabahagi ng mga bagay, kasama ang pagkain, inumin, o mga gamit sa kusina, sa oras ng anumang pagbisita.</li> </ul>



	<p>Kung pinapahintulutan ang mga regalo, dapat aprubahan ang mga iyon ng tauhan ng pasilidad at iproseso ng tauhan ng pasilidad, para magbigay ng pagkakataon para i-disinfect at linisin ito.</p> <ul style="list-style-type: none"><li><input type="checkbox"/> Regular na linisin at i-disinfect ang mga gamit o patungan na madalas na hinahawakan.</li><li><input type="checkbox"/> Hindi dapat lumampas sa 1 oras ang mga pagbisita at maaaring mas maiksi ang mga ito kung kinakailangan para matugunan ang mga residente habang tinitiyak ang pagsunod sa mga alituntunin sa pagbisita.</li></ul>
<p><b>Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may <u>Bukas na Bintana</u></b></p> <p><b>Kahulugan:</b> Ang (mga) Bisita, na nasa sasakyan, at ang Residente ay ipinaghihiwalay ng hindi bababa sa 6 na talampakan na distansiya kung saan ang Residente ay nasa lugar sa labas o sa isang Pasilidad sa likod ng isang bukas na bintana.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li><input type="checkbox"/> Dapat na manatili ang residente nang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa bintana ng sasakyan at dapat siyang magsuot ng mask (ayon sa nakakayanan).<sup>2</sup></li><li><input type="checkbox"/> Dapat magsuot ng mga mask ang mga bisita.</li><li><input type="checkbox"/> Kung may lugar para sa pagparada para sa mga pagbisita gamit ang sasakyan, dapat iiskedyul ang mga pagbisita para maiwasan ang pagsisiksikan at mapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansiya sa pagitan ng mga residente.</li><li><input type="checkbox"/> Para mabawasan ang daloy ng hangin sa residente, kung posible, panatilihing nakasara ang bintana ng sasakyan na pinakamalapit sa residente.</li></ul>
<p><b>Mga Pagbisita Gamit ang Sasakyan nang may mga <u>Nakasara na Bintana ng Pasilidad</u></b></p> <p><b>Kahulugan:</b> Ang (mga) Bisita, na nasa sasakyan, at ang Residente ay ipinaghihiwalay ng Nakasarang Bintana ng Pasilidad. Sa lahat oras, dapat na manatiling nakasara ang bintana ng pasilidad para walang pagpapalitan ng daloy ng hangin.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li><input type="checkbox"/> Kung ang mga bisita ay nasa isang lugar kung saan may mga dadaan na tao, dapat magsuot ng mga mask ang mga bisita.</li></ul>



<sup>1</sup>Makipag-ugnayan sa DPH Senior Sites para sa anumang partikular na tanong. Mag-email sa [Seniorsites@sfdph.org](mailto:Seniorsites@sfdph.org) o tumawag sa 628-217-6358.

<sup>2</sup>Hindi kasinghigpit ang mga pangangailangan para sa pagsusuot ng mga mask o pantakip sa mukha para sa mga residente ayon sa mga sumusunod at para sa mga nauugnay/katulad na isyu: isang diyagnosis ng dementia o malubhang sakit sa pag-iisip; takot/nag-aalala sa kahirapang huminga, kawalan ng kakayahang alisin ito o humingi ng tulong, O ayon sa iniutos ng doktor.

### **Mga Alternatibo sa Mga Personal na Pagbisita**

- Humikayat at gumawa ng mga paraan para madalas na makausap ng lahat ng residente sa pamamagitan ng video call at tawag sa telepono ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o iba pang tao sa pangangalaga. Hangga't maaari, maghanap ng mga paraan para virtual na makaugnayan ang mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng FaceTime, Zoom, WhatsApp, atbp. (tingnan ang [www.sfcddp.org/safersocial](http://www.sfcddp.org/safersocial)).
- **Kung gumagamit ng mga pinagbabahaginanang device para sa mga video call, dapat tiyakin ng mga pasilidad na mayroong mga nakatakdang hakbang para sa pagkontrol ng impeksiyon.**

## **Sama-samang Pagkain**

### **Mga Isinasaalang-alang para sa Muling Pagbabalik ng Sama-samang Pagkain**

- Dahan-dahan itong ibalik. Planuhing magsimula sa isang grupo at suriin kung kumusta ito, at pagkatapos ay magdagdag ng maliliit na grupo sa magkakaibang oras para hindi magsabay-sabay, nang isang beses sa bawat panahon.
- Bigyan ng mapagpipilian ang mga residente sa kung saan nila gustong kumain, mag-alok ng mga bago at ligtas na opsiyon sa silid-kainan pati na rin ng 'grab and go' (kunin ang pagkain at pumunta sa ibang lugar) at pagkain sa loob ng kuwarto.
- Isaalang-alang na gumawa ng iskedyul sa simula para magkakaibang grupo ang gumagamit ng silid-kainan para sa mga partikular na pagkain sa mga partikular na araw.
- Dapat na magsuot ng mga mask ang mga tagahain/tauhan sa lahat ng oras.
- Paghiwalayin ang oras ng pagkain ng mga tauhan, para hindi nila alisin ang kanilang mga takip sa mukha nang kasabay ng mga residente o iba pang tauhan.
- Magiging mahalaga ang pagsasanay at pangangasiwa ng tauhan sa tagumpay ng muling pagbubukas ng silid-kainan.

### **Dapat na sundin ng mga residente ang mga sumusunod na pag-iingat:**

- Magsuot ng mga mask kapag pumupunta at lumalabas sa silid-kainan. Maaaring tanggalin ng mga residente ang kanilang mga mask para kumain.
- Dapat na maglinis ng mga kamay ang mga residente pagpasok at bago lumabas ng silid-kainan.

**Kung mayroong higit sa isang grupo ng mga residente sa isang pinagsasaluhang espasyo sa pagkain, ipapatupad ang mga sumusunod na hakbang sa pagpapaliit ng panganib:**





- Hatiin ang mga residente sa mga grupo na binubuo ng 6 o mas kaunting tao; papayagan ang maraming grupo na may 6 na tao sa parehong espasyo kung sapat ang laki nito para magbigay-daan sa tamang distansiya.
  - Ang mga residenteng naninirahan sa parehong kuwarto/apartment ay dapat na nasa parehong grupo.
  - Panatilihin ang mga parehong tao sa bawat grupo para limitahan ang mga taong nalalantad sa isa't isa nang walang mask.
  - Para tiyaking napapanatili ng mga residente ang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansiya, ipuwesto ang mga lamesa para sa magkaibang grupo nang humigit-kumulang 12 talampakan ang distansiya sa isa't isa.
  - Tanggalin ang mga upuan at iurong ang mga lamesa para hindi maging posible ang mga grupo na may higit sa 6 na tao.
  - Panatilihin magkakahiwalay ang mga grupo para sa pagkain, at pagpunta sa/paglabas mula sa silid-kainan
- Gumamit ng mga disposable na plato at gamit sa kusina o gumamit ng makina para hugasan ang lahat ng plato, gamit sa pagkain, at baso, ginamit man ang mga iyon o hindi.
- Ang mga pampalasa, kasama ang asin at paminta, ay dapat na ibigay sa mga indibidwal na pakete o bowl kapag hiniling. Wala dapat na supply sa lamesa para sa paggamit ng grupo.
- Paghiwa-hiwalayin ang mga oras sa silid-kainan para sa magkakaibang grupo para mabawasan ang bilang ng mga taong kumakain sa parehong oras o nasa elevator sa parehong oras.
- Ganap na i-sanitize ang buong silid-kainan bago at pagkatapos ng bawat grupo.

**Hindi dapat makilahok sa sama-samang pagkain ang mga residente kung:**

- Ang residente ay may anumang sintomas ng COVID-19
- Nagkaroon ang residente ng malapit na pakikipag-ugnayan sa sinuman mula sa labas ng pasilidad
- Ang sinumang tauhan o residente sa pasilidad ay nasuri bilang positibo sa COVID-19, at nakabinbin ang buong pagsusuri at pagtutukoy ng mga naka-ugnayan ng DPH.

*Ayon sa CDSS, hindi dapat makilahok sa sama-samang pagkain ang mga residenteng nasuring positibo sa COVID-19 hangga't magkaroon sila ng negatibong resulta ng pagsusuri.*

## Mga Panresidenteng Aktibidad

Maaaring makilahok ang mga residente sa mga aktibidad ng maliit na grupo. Ang laki ng **maliit na grupo ay dapat na limitahan sa 10 tao kasama ang tagaturo/lider**. Isaalang-alang na bigyang-prioridad ang mga aktibidad na nakakatugon sa mga sumusunod na panuntunan sa kaligtasan AT sumusuporta sa kalidad ng buhay ng mga pinakamahina, pinakanakabukod na residente na may pinakamaliit na kakayahang mag-access ng ibang mapagkukunan ng suporta at aktibidad.

- **Ang anumang aktibidad na magagawa sa labas ay dapat na gawin sa labas.**
- Responsable ang mga tauhan sa pagtiyak na ligtas na ipinapatupad ang ligtas na distansiya sa isa't isa, pagsuot ng mask, at paglilinis ng kamay.
- Panatilihin ang inaatas na ratio ng mga tauhan para matiyak ang kaligtasan. Huwag maglipat ng mga tauhan mula sa isang grupo papunta sa isa pa, kung posible.



**Para sa mga malaking panloob na espasyo tulad ng mga gymnasium o auditorium, mahigit sa isang grupo ang puwedeng gumamit ng espasyo kung:**

- Ang espasyo ay may hindi bababa sa 144 na kwadrang talampakan (12' x 12') kada residente, o humigit-kumulang 1750 kwadrang talampakan para sa isang grupo ng 12.
- May malinaw na marka ang mga nakatalagang lugar para sa bawat grupo, at ipinaghihiwalay ng 10-12 talampakan na “bawal puntahan” na espasyong pagitan na hindi dapat gagamitin ng magkabilang grupo at kayang maunawaan at sundin ng mga residente ang mga espasyo.
- Puwedeng magkaroon ng sapat ng bentilasyon ang espasyo, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana o pinto.
- Dapat ay may mga partiyon para panatilihin ang hangin nang direkta mula sa isang grupo papunta sa isa pa. Halimbawa, puwedeng gumamit ng kurtina.

**Kung mayroong higit sa isang grupo ng mga residente sa isang pinagbabahaginang espasyo, sundin ang mga karagdagang pag-iingat na ito:**

- Dapat na magkahiwalay na dumating at umalis ang magkaibang grupo.
- Dapat na linisin nang maigi ang espasyo sa pagitan ng paggamit ng bawat grupo.
- Iiskedyul ang mga aktibidad ng grupo nang magkahiwalay para limitahan ang bilang ng mga residenteng nakikilahok at magbigay-daan para mapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansiya sa isa't isa.

Kapag pumipili ng mga aktibidad na magaganap sa isang pinagbabahaginang espasyo, isaalang-alang ang potensyal ng pagkakaroon ng mga patak mula sa palahingahan (respiratory droplet) o aerosol, at subukang gawin ang mga aktibidad na mas mataas ang panganib sa labas. Halimbawa, ang mga gawain kung saan mas malakas ang paggamit ng boses, tulad ng pagsigaw at pagkanta, ay dapat iwasan. Mas mataas ang panganib ng mga pagsasanay na ito gamit ang boses, kumpara sa mga tahimik at malumanay na aktibidad.

## Mga Madalas Itanong

**Nasa pangangalaga sa hospisyong tatay ko. Kung nag-ulat ng kaso ang pasilidad at dapat nitong ipagpaliban ang hindi kinakailangang pagbisita sa hinaharap, maaari ko pa rin ba siyang bisitahin?**

Ang “Kinakailangang Pagbisita” ay isang probisyon ng [Health Order No. C19-09](#) (Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-09). Sa sitwasyon kung saan ang pagbisita o pakikipag-ugnayan ay batay sa **pangangailangan na agaran sa kalusugan, nauugnay sa usaping legal, sensitibo sa oras, o kritikal**, pinapahintulutan ng Seksiyon 11 ng [Health Order No. C19-09 permits visitation](#) (Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-09 ang pagbisita). Maaaring kasama rito ang, bilang halimbawa, kapag humihina at/o nasa mga huling yugto ng buhay ang residente.

Kinakailangang gawin ng mga pinahihintulutang bisita ang mga naaangkop na hakbang para maprotektahan ang mga residente mula sa pagkakalantad sa COVID-19 virus, gaya ng paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng mask, at pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansiya mula sa ibang tao, pag-iwas sa pisikal na pakikipag-ugnayan, at maikling pagbisita ayon sa naaangkop.



**Ano ang dapat gawin ng pasilidad kung may residente, bisita o tauhan na nakumpirmang may impeksyon ng COVID-19?**

- Makipag-ugnayan sa Hub para sa Nakatatanda ng SFDPH para sa pagkonsulta at paggabay sa Linya ng Telepono ng Senior Sites para sa COVID-19: 628-217-6358 o sa Pangkalahatang Linya ng Telepono para sa COVID-19: 415-554-2830 Email: [seniorsites@sfdph.org](mailto:seniorsites@sfdph.org)
- Ihinto ang lahat ng pagbisita at panggrupong aktibidad, kabilang ang sabay-sabay na pagkain; muling ipatupad ang ganap na pananatili sa shelter.
- Makipag-ugnayan sa mga residente, bisita at tauhan: Ibahagi na mayroong kaso pero huwag sabihin kung sino ang may sakit o nagpositibo sa test. Panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng apektadong tao na may COVID-19 ayon sa iniaatas ng Americans with Disabilities Act, Family Education Rights and Privacy Act, at malamang na pati HIPAA.
- Linisin at i-disinfect nang mabuti ang pasilidad, lalo na ang alinmang lugar kung saan nagpunta o maaaring nagpunta ang taong iyon. Sumangguni sa seksyong may pamagat na “Cleaning and disinfecting your building or facility if someone is sick” (Paglilinis at pag-disinfect ng iyong gusali o pasilidad kung mayroong may sakit) sa webpage na Cleaning and Disinfection (Paglilinis at Pag-disinfect) ng CDC, sa [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html).
- Makipagtulungan sa SFDPH upang malaman kung kailan maaaring magbukas ulit para sa mga bisita ang pasilidad. Tukuyin kung kailan maaaring pumasok ulit ang mga tauhan, at kung anong mga karagdagang hakbang ang kinakailangan para sa mga bata at kabataan.

## Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

Manatiling updated. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. Makakakita ng mga kapaki-pakinabang na resource sa:

- Gabay ng SFDPH para sa mga provider ng pangangalaga sa bahay, pagbukod (isolation) sa bahay at pagbalik sa trabaho, at higit pa: [www.sfdcdp.org/covid19](http://www.sfdcdp.org/covid19)
- Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California
  - [Gabay sa Mga Pagtakip ng Mukha mula sa CDPH \(6/29/2020\)](#)
  - [Lahat ng Liham sa Pasilidad \(All Facility Letter, AFL\)](#)
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
  - [Pansamantalang Gabay para sa Mga Negosyo at Employer mula sa CDC](#)
  - [Pag-iwas sa Pagkalat ng COVID-19 sa Mga Komunidad ng Retirado at mga Pasilidad para sa Independenteng Pamumuhay \(Pansamantalang Gabay\)](#)
- Ahensya ng Mga Serbisyong Pantao ng SF: [Tulong para sa mga mas nakatatandang nasa hustong gulang at taong may mga kapansanan](#) (o tumawag sa 415-355-6700)